【タガログ語】

大地震・津波発生時等における学校の対応について

津市立久居中学校

Tungkol sa pag-responde ng paaralan sa panahon ng malakas na lindol, tsunami at iba pa.

| | 〈1〉 Kung nagkaroon ng lindol na ang seismic intensity (lakas ng pag-uga) ay 5 pataas sa Lungsod ng Tsu.<br>Kung nag-deklara ng instruksyon na mag-evacuate dahil sa tsunami warning o major tsunami warning【sa mga paaralang sakop ng distrito】 | 〈2〉 Kung nagkaroon ng lindol na ang lakas ng pag-uga o seismic intensity ay mas mababa pa sa 5 sa Lungsod ng Tsu.. | 〈3〉 Kung nagkaroon ng lindol na ang lakas ng pag-uga o seismic intensity ay nasa 4 sa Lungsod ng Tsu |
|---|---|---|---|
| Bago mag-umpisa ang klase | ① Walang pasok ang paaralan.<br>Walang pasok kung nag-deklara ng instruksyon na mag-evacuate dahil sa tsunami warning o major tsunami warning (sa mga paaralan na sakop ng distrito).<br>② Lumikas sa ligtas na lugar, siguraduhing ligtas ang pamilya.<br>③ Suspendido ang pag-pasok hanggat hindi nakakatanggap ng notisya galing sa paaralan. | ① Huwag pumasok hanggat hindi nakakatanggap ng notisya galing sa paaralan.<br>② Makikipag-ugnayan ang paaralan kung naitiyak na ligtas ang mga pasilidad ng paaralan at mga dinadaang lugar. | ① Ipagpapatuloy ang regular na klase (Huwag pumasok kung hindi natitiyak ang kaligtasan sa mga daanan pagpasok at pauwi.) |
| Sa oras ng pag-pasok o pag-uwi | ① Kung nasa paaralan ang mga mag-aaral sa gagabayan sila sa lugar na paglilikasan, kukumpirmahin rin ang bilang ng mga bata at mananatili sa ligtas na lugar. Bukod dito gagawin ang pag responde ng 〈1〉、〈2〉 kung nasa paaralan ang mga mag-aaral.<br>② ) Magkakaroon ng inspekyon sa paaralan at gagabayan ang mga mag-aaral sa pagpasok/pag-uwi sa paaralan. Sisiguradin ang kaligtasan ng mga mag-aaral sa pag-uwi sa tanahan, sa paaralan o sa pag likas. (Gagawin ang inspekyon sa oras ng pagpasok sa paaralan.)<br>③ Lilikas sa ligtas na lugar ang mga mag-aaral. (Pag-usapan sa tahanan kung saan lilikas sa panahon na papunta pa lamang sa paaralan) | | ① Papasok ng pangkaraniwan.<br>② Gagawa ng inspekyon sa distrito ng paaralan.(Gagawin ang inspekyon sa oras ng pagpasok sa paaralan.) |
| kung nasa paaralan | (Pareho ang pag-responde kung sakaling maagang pumasok ,may aktibidad pagkatapos ng klase o pagpasok kahit walang pasok dahil sa club activity.<br>① Gagabayan ang mga mag-aaral sa lilisanang lugar, kukumpirmahin ang bilang ng mga bata at mananatili sa ligtas na lugar. | | ① Ipagpapatuloy ang regular na klase.<br>② Magkakaroon ng inspeksyon sa pasilidad ng paaralan, at mga |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | ② Tatapusin ang klase at pauuwiin ang mga mag-aaral.<br>③ Mananatili sa paaralan ang bata hanggat hindi nasusundo ng magulang o tagapag-alaga bilang patakaran.(Kailangang sunduin ang bata kahit na walang paalala galing sa paaralan.)<br>④ Lilikas sa lugar na itinala sa panukalang ibinigay ng evacuation advisory・major tsunami warning. Mananatili ang mga mag-aaral hanggang sa masundo ang mga ito. Mangyaring lumikas rin ang mga magulang kung hindi pa nawawala ang evacuation advisory. | ③ Ipagbibigay alam sa mga magulang kung maipapatuloy ang klase depende sa sitwasyon ng pinsala.<br>④ Makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga magulang tungkol sa pagpapauwi ng mga mag-aaral, depende sa sitwasyon, maaring uuwi sila ng pangkaraniwan, grupong uwian habang ginagabayan ng mga guro o kailangang sunduin ng magulang. | dinadaanang lugar.<br>* Gawin ang mga hakbang na 〈１〉 o 〈２〉 depende sa sitwasyon ng pinsala. |

※ Tungkol sa pakikipag-ugnayan ng paaralan
Ang paraan na ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng paaralan ay ang (e-mail delivery system o emergency telephone call, etc.), gagamitin ang emergency messaging system (171) depende sa sitwasyon.